

Pagbubukod at Pagkuwarentenas



Ginagawa ng mga pampublikong opisyal ng kalusugan ang pagbubukod at pagkuwarentenas upang mapigilan ang mga nakahahawang sakit sa paglalaman sa panahon ng mga biglang paglitaw ng mga nakahahawang sakit, katulad ng SARS (Severe Acute Respiratory Syndrome), TB (tuberculosis), o iba pang mga nakahahawang sakit.

- Ang **pagbubukod** ay para sa mga taong *may sakit*, at
- Ang **pagkuwarentenas** ay para sa mga taong *maaaring magkasakit sa hinaharap* dahil sila ay nalantad sa isang taong nagkaroon ng ganoong sakit.

Ano ang pagbubukod?

Ang ibig sabihin ng pagbubukod ay ang pagpapanatili ng mga taong may nakahahawang sakit nang malayo sa mga taong malulusog.

Pinipili ng karamihan ng mga tao ang pagbubukod sa kanilang sarili sa bahay kung sila ay may sakit upang protektahan ang mga miyembro ng kanilang pamilya at mga iba. Ang pagpapanatili ng mga bata sa bahay sa halip na pumasok sa paaralan kung mayroon silang bulutong ay isang halimbawa ng pagbubukod. Para sa mga pasyente na may mga sakit, kagaya ng TB at SARS, binubukod sila ng mga ospital mula sa mga ibang pasyente.

Kailangan ba akong ibukod?

Oo. Kung pagsasabihan ka ng opisyal sa kalusugan na ikaw ay mananatili sa bahay at lumayo sa mga iba, ikaw ay kailangang sumunod.

Ano ang mangyayari sa akin kung ako ay ibinukod?

Ikaw ay makatatanggap ng pangangalagang medikal habang ikaw ay may sakit. Ikaw ay maaaring gamutin sa:

- Iyong bahay,
- Isang ospital, o
- Isang pasilidad na nagkakaloob ng pangkalusugang pangangalaga.



Ang mga ibinukod na pasyente ay *dapat* manatili sa mga lugar na nakabukod. Ang mga tagakaloob ng pangangalaga lamang ang pinapayagang pumasok sa mga lugar na nakabukod.

Ano ang pagkuwarentenas?

Ihiniwalay ng pagkuwarentenas ang mga taong nahantad sa mga taong may sakit sa mga ibang taong walang sakit.

Ang pagkuwarentenas ay ginagamit upang bantayan ang mga taong hindi pa nagkakasakit, ngunit maaaring magkasakit sa hinaharap at ipalaganap ang nakahahawang sakit sa mga iba.

**QUARANTINE
AREA
AUTHORIZED
PERSONS ONLY**

Kailangan ba akong ipakuwarentenas?

Oo. Kung ang akala ng mga opisyal ng kalusugan ay nahantad ka sa nakahahawang sakit, maaari ka nilang pagsabihan na manatili sa bahay at lumayo sa mga iba.

Ano ang mangyayari sa akin kung ako ay ipinakuwarentenas?

Ikaw ay maaaring pagsabihan na:

- Manatili sa bahay,
- Lumayo sa mga ibang tao,
- Suriin ang iyong sarili para sa mga sintomas, at
- Tumawag sa doktor kung ikaw ay makaramdam ng sintomas.

Ang pagbubukod at pagkuwarentenas ba ay talagang nakatutulong sa mga tao upang hindi magkasakit?

Oo. Sa Estados Unidos noong 2003, ang pagbubukod at pagkuwarentenas ay napigilan ang paglalaman ng nakahahawa at nakamamatay na sakit na SARS. Ito ay nakatulong upang panatiliing malusog ang mga tao kahit wala pang makukuhang gamot, bakuna o espesyal na medisina.

Para sa karagdagang impormasyon...

Tawagan ang CDC (Centers for Disease Control) para sa impormasyon sa Ingles:

800-CDC-INFO (800-232-4636)
888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.bt.cdc.gov/ncidod
www.dhs.ca.gov/epo